NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Pebrero 18, 2019

KUWENTO NG LINGGO
IBANG LEVEL NA
NI AMADO BRAVO

NOBELA
PAANO MAABOT ANG LANGIT
NI NERI JEDELIZ

TULA
AWIT NG LUPA
NI RICHEL G. DOROTAN

Enrique Gil AT Liza Soberano

MANILA BULLETIN PUBLISHING

P25

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA

6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (18)**
Efren Abueg

9 **Paano Maabot Ang Langit (21)**
Neri Jedeliz

12 **Higit Na Matibay (10)**
Armando T. Javier

KUWENTO

4 **Ibang Level Na**
Amado Bravo

14 **Karibal Sa Turing**
Anna N. Imus

KUWENTONG PAMBATA

16 **Ang Isdang Baligtad Kung Lumangoy**
Imelda Estrella

LATHALAIN

18 **Ang Problema Sa "Pilit" Na Pag-ibig**
Lilia Borlongan-Alvarez

19 **Soulmate Mo Ba Ang Iyong Sweetheart?**
Fernando B.Sanchez

20 **Mga Paraan Ng Pagpapakita Ng Pagmamahal**
Marilyn C. Arayata

KOMIKS

27 **Sa Mundong Iyon... (22)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

30 **Enteng Anting (73)**
Armando T. Javier / Rod Lofamia

33 **Ako At Ako Lamang (43)**
Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival

38 **Doro Dora**
William Contreras

TULA

40 **Awit Ng Lupa**
Richel G. Dorotan

KOLUM

21 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza

22 **Agrikultura**
Zac B. Sarian

36 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
Boy A. Silverio

SHOWBIZ

24 **Tandem Nina Liza Soberano At Enrique Gil, Muling Mapapanood...**
Nonie V. Nicasio

25 **Jhane Santiaguel, Mas Magfo-Focus Sa Business...**
Maricris V. Nicasio

LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam

37 **Astrolohiya**
Madame Sharona

38 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego

38 **Math Puzzle**
Rosemarie Adaya

38 **Magtawanan Tayo!**
Simeon Sorrosa

Ang problema sa "pilit" na pag-ibig

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

NAKARINIG na ba kayo ng tungkol sa mga mag-asawang nagtagal ang pagsasama ngunit sa haba ng panaho'y malamig ang pagtingin nila sa isa't isa?

May kakilala kaming lalaki na may apat na anak. Matagal na silang nagsasama ng kanyang asawa ngunit tila pinababayaan lamang siyang mangaliwa ng kanyang misis. Hindi naman niya "ibinabahay" ang kanyang mga babae pero halos gabi-gabi'y nakikipagkita siya sa kanila – mga babaeng halos kasintanda na kanyang mga *teenager* na anak. Tinanong siya ng isa naming kaibigang lalaki kung bakit niya ito ginagawa gayong tapat naman sa kanya ang kanyang asawa. Ang kanyang sagot: "*ay, pare, pinikot lang kasi ako ni misis noon.*"

Sa kaso naman ng kakilala rin naming may asawa rin at may anim na anak, hindi naman nangaliwa si lalaki, pero "loveless" ang pagsasama nila. Malaki nga ang inggit ni babae sa mga nakikita niyang mag-asawang "devoted" sa isa't isa, sapagkat aniya'y ang ginagawa ng mga lalaki para sa kanilang asawa'y hindi niya makita sa kanyang asawa (bagama't mariwasa ang kanilang buhay at di kailangang magtrabaho si babae). Ang hinuha ng mga kamag-anak at kaibigan ni lalaki kung bakit nagkagayon ang kanilang pagsasama: si babae ang naligaw kay lalaki!

Sa dalawang halimbawang ito makikita natin ang pangunahing dahilan kung bakit ang pagsasama ng ibang mag-asawa'y mas maganda at mas masaya kaysa iba. Ito'y kaso ng mga "pilit" na pag-ibig, halimbawa, *shotgun marriage*, o inireto o binuyo lamang ng mga kamag-anak o kaibigan, ngunit hindi naman talaga nagkakagustuahn o nag-iibigan (tila bayabas na bubot na pinilit pitasin at kanin). Ang resulta: malamig na pagsasama na kasama ang sisihan sa isa't isa at sisihan sa mga nambuyo sa kanila! Kaya may kasabihang "they do not love those who don't show their love." (Hindi raw tunay na nagmamahal ang mga taong hindi nagpapakita ng kanilang pagmamahal.)

Paano kaya maiiwasan ng mga lalaki't babae ang "mabuyo" at "sumakay" na lamang sa isang "pilit" na pag-ibig?

Huwag magpatangay sa buyo o kantiyaw ng mga kaibigan. Piliin ang taong talagang napupusuan, sapagkat hindi naman sila ang magpapakasal, kundi ikaw.

Mga larawang mula sa Google

Kapag nakapili na, sikaping kilalanin siya nang maigi. Kaya nga di ba may panahon ng pagliligawan? Alamin ang tunay niyang pagkatao. Maraming pumapasok sa relasyon na hindi alam na ang lalaki pala'y mag-asawa o pamilya na. Ang iba nama'y napag-aalaman na lamang kung kailan kasal na sila na siya pala'y may *criminal record* o *drug addict*! At may iba namang hindi nalaman na lulong na pala sa sugal ang pakakasalan at katakut-takot ang utang sa *casino*!

Sikapin ding kilalanin ang pamilya at kaibigan ng taong inyong napupusuan. Ayon sa mga *family experts*, magiging mabuting asawa raw ang isang lalaki o babae kung mabuti rin siyang anak at kapatid.

Kapag nagkakilala na kayo nang lubusan, magkaroon ng *commitment* sa inyong relasyon. Hindi naman ibig sabihin nito'y iwan ang inyong trabaho at ilaan ang lahat ng oras sa mga *dates* ninyo. Ito'y kawalan ng responsibilidad at *maturity*. Sa kabuwanan, kailangang magtrabaho bilang paghahanda sa isang papasukin responsibilidad.

"Diligin" ng atensiyon ang inyong minamahal. May kasabihang "love is like a pretty garden." Ang hardin o relasyong ito'y kailangang burgkalin, diligin at alisan ng mga damong ligaw upang lumago at tumubo ang magagandang bulaklak.

Huwag panghinaan ng loob kung sa inyong *engagement period* o *honeymoon* o mismong mga araw pagkatapos ng kasal ay may makikita kayong mga pintas o magaspang na ugali sa inyong kabiyak. Bigyan lamang siya ng puwang o espasyo at magpasensiya. Sa mga oras na ito'y dapat tandaan ang mga katangian at mabubuting ugali ng inyong asawa. Sapagkat, kung hindi natin aalalahanin ang magagandang ugali ng isa't isa, hindi tayo magiging masaya hindi lamang bilang may-asawa, kundi rin bilang tao. Tandaang may lamat ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos. (*There's a crack in everything that God made.*)

Mula sa Google

Soulmate Mo Ba Ang Iyong Sweetheart?

Ni FERNANDO B. SANCHEZ

SINASABI ng mga *psychics* at mistiko na ang *soulmate* ay siyang kasama o kabiyak ng kaluluwa o lalong angkop sabihing kabiyak ng puso, o karelasyon na pinag-uukulan ng pagtatangi at pagmamahal di lamang sa nakaraan at kasalukuyan kundi sa hinaharap. Ito'y itinakda ng tadhana o kapalaran, at ano man ang mangyari, ano mang pagsubok o hadlang ang darating, pilit na hinahawan, nilalabanan, inaalpasan dahil sa pag-ibig na nararamdaman.

Sa aklat ng mag-asawang Mark at Elizabeth Prophet na pinamagatang "The Lost Teachings of Jesus," at ng aklat na isinulat ni Mark Victor Hansen na "Miracles in You," ang *soulmate* ay kasasalaminan ng tinatawag na 'twin flame relationship' sa pagitan ng dalawang nilalang na nagmamahalan nang tapat, masidhi at walang kamatayan. Ito'y di kayang sirain o igupo ng mga panahon, ng mga pangyayari at pagsubok.

Madalas na itanong ng aming mga estudyante sa kolehiyo kung paano makikilala ang kanilang *soulmates*. Darating at makikita ba nila sa kanilang buhay sa kanilang sariling panahon? Na sasagutin namin na ayon sa mga eksperto sa larangan ng *soulmate*, karma at *reincarnation*, tiyak na pagtatagpuin sila ng pagkakataon, sa takda o itinakdang panahon.

Kung makikita mo ang iyong *soulmate* sa unang pagkakataon pa lamang, napakalakas at napakatindi ang kanyang dating. Ibig sabihin, titibok ang iyong puso nang gayon na lamang at mararamdaman mong ito na ang hinihintay mong pag-aalayan mo ng pag-ibig at pagmamahal. Na ibig mong maging *lifetime partner*, na magiging kasama at katuwang mo sa hirap at ginhawa, ng saya at lungkot, ng tagumpay at kasawian. At kung papaghiwalayin kayo ng kamatayan, at may buhay sa kabilang buhay, sa ibang daigdig, siya pa rin ang nais mong makasama sa buhay na walang hanggan!

Ang kagyat na mararamdaman mo pag nakita mo siya'y iyong "love at first sight" na sinasabi ng marami. Bukod dito'y mararamdaman mo ring tila matagal na kayong magkakilala, malapit ang loob ninyo sa isa't isa. Tila nagkita na kayo noon, sa isang pook, sa isang panahon, di man ninyo tukoy, sa kaibuturan ng inyong puso't isipa'y nakaukit iyon sa nahihimbing na alaala. Kagyat man, *mutual* ang *feelings* ninyo sa isa't isa.

Ang siste, bagama't itinakda ng tadhana, kung minsan, dumarating iyon sa tila di tama, at maling panahon. Nang magtagpo kayo, di na kayo malaya. May kasintahan o may-asawa na ang isa sa inyo o kaya nama'y kapuwa kayo may pananagutan na sa buhay. Bakit ngayon lang?

Ayon sa mga eksperto, tulad nina Sylvia Browne ng Amerika at ni Jaime Licauco ng Pilipinas, bahagi iyon ng karma na dapat ninyong pagdaanan. Ang karma'y alinsunod sa prinsipyo o kasabihang "kung anong itinanim, siyang aanihin." Kung kayo'y naniniwala sa *reincarnation*, ang muli't muling pagkabuhay ng isang nilalang, maaaring sa mga nakaraang inkarnasyon, may mga pagkukulang o kasalanan kang nagawa na dapat mong pagbayaran o pagdusahan sa kasalukuyan at sa hinaharap. Hindi iyun matiwasan o matatakbuhan. Susundan at susundan ka ng iyong ginawang kamalian o kasamaan.

Isang nagdudumilat na katotohanan na karamihan daw sa mga mag- asawa'y di mag-*soulmates*. Ang pakikipagrelasyon sa di ka-*soulmate* ay mga *interesting incidents* kung saan two-*work-out* nila ang kanilang sariling karma upang unti-unting maiwasto ang kanilang kamalian sa mga nakaraang panahon. Ito'y tinatawag na "evolment", o paglinang/pagbabago ng katauhan nang nasayon sa hinihingi ng pagkakataon.

A, walang makakapigil sa pag-iibigan o pagsasamahan ng mag-*soulmate* sukdulang hihiwalayan nila ang kanilang karelasyon sa kasalukuyan. Sukdulang may lalabagin silang batas ng lipunan o batas ng kagandahang asal o ng pakikipagkapuwa-tao. Wala silang pakialam kung magalit o mamuhi man sa kanila ang buong daigdig, ang importante'y magsasama sila sa taong kanilang minamahal, mula't sapul.

Para sa kanila, ang pagmamahalan nila'y nakaguhit na sa kanilang kapalaran. Ito'y nakatakda nang mangyari, gustuhin man nila o hindi. Aplikado rito ang kasabihang "Ang pinagsama o pinagbuklod ng Diyos, ay di dapat paghiwalayin ng tao. "Sila iyong katuparan ng isa pang kasabihang "Love is forever," tama? Ang buklod ng mga taong gustong magsama'y pag-ibig, di nga ba?

Sa mga mistiko, ang pag-iibigan ng mga mag-*soulmate* ay binalangkas na ng mga nakaraang panahon. Ano man ang mangyari sa kanilang buhay, ang pagsingit/pagsulpot ng mga batian-hiwalayan, hiwalayan-batian *blues* sa kanilang buhay, ng mga paghihirap at pagdurusa, ng mga pagsubok at paghamong daranasin, sila pa rin sa bandang huli. Ang pag-ibig na bukal sa puso, ay isang *immortal* na bagay at kinalulugdan ng Panginoong Diyos!

Tandem nina Liza Soberano at Enrique Gil, muling mapapanood sa *Alone/Together*

Ni NONIE V. NICASIO

MAPAPANOOD muli ang tambalan nina Liza Soberano at Enrique Gil sa pamamagitan ng pelikulang *Alone/Together* na prodyus ng Black Sheep, isa sa *film outfits* sa ilalim ng ABS-CBN Films.

Ang bagong pelikula ng dalawang Kapamilya *stars* ay isang *romantic-drama* na mula sa pamamahala ni Direk Antoinette Jadaone at mapapanood na sa February 13.

Ang *teaser* nito na unang nai-*post* noong January 20 sa *online* ay naging *instant hit* sa *social media users*. Ilang minuto lang pagka-*upload* nito, naging *local trending topics* ito agad sa Twitter.

Sa kabuuan, higit limang milyong *views* ang nakuha nito sa loob ng isang araw lamang nang nai-*post* ang naturang *teaser* sa *online*. *Actually*, umabot ito ng 5,431,619 *views* kaya sobra ang pasasalamat ng mga tao sa likod ng bagong pelikula ng tambalang LizQuen.

Ayon kay Enrique, *"I feel nervous and excited. I just want the movie to come out."*

Pahayag naman ni Liza, *"I found the theories really funny. Actually they were all very creative.* Nakakatuwa. *From a short teaser* pa lang, ang dami na nilang naiisip. *I am really excited to reveal the story to them."*

Dagdag pa ng magandang aktres, *"I am really happy with the reception of everybody. It's been such a long time since we last had our own movie. We are really excited for our fans. We are excited to watch ourselves also on the big screen again."*

Sa pelikulang *Alone/Together*, makikita ang *love story* nina Christine (Liza) at Raf (Enrique), na muling nagkrus ang landas, walong taon matapos nilang unang magkita noong nag-aaral pa sila sa kolehiyo.

Ayon kay Direk Antoinette na siya ring sumulat nito, ang karakter ni Liza ay isang *over-achiever*-na nagtapos ng kursong BA Art Studies program sa UP Diliman bilang *magna cum laude*, at nangangarap maging isang *museum director* sa mga kilalang *attractions* tulad ng The Met at The Louvre, balang araw.

Si Enrique naman bilang si Raf ay kabaligtaran ng karakter ni Liza na, 'Umuulan ng singko at madalas *incomplete*.' Ayon pa sa *writer/director*, ang papel ni Enrique na isang BS Biology *student* mula naman sa University of Sto. Tomas ay may simpleng pangarap lang, 'Ang *dream* niya, simple lang-maka-*graduate* lang.'

Makikita sa *teaser* na si Liza ay puno ng mga pangarap sa buhay na nais buguhin ang mundo. Si Enrique naman, bagama't *supportive* kay Liza ay may kaakibat na pagdududa ukol dito. Kaya nagbitaw ng ganitong linya ang dalaga, 'Gusto mo, sama pa kita, eh! Mababago natin ang mundo.'

Kasama sa mapapanood sa maigsing *teaser* ang mga *eksenang* pamilyar sa mga estudyante, *alumni*, o sa mga madalas napapagawi sa naturang *state university* tulad ng pagsakay/pakikipaghabulan sa mga *jeepney*, panonood ng *annual lantern parade*, at ang mag-*enjoy* sa Sunken Garden.

Samantala, ayon sa *manager* ni Liza na si Ogie Diaz, kahit sobrang lamig sa New York (na may *subzero temperature*) nang nag-*shooting* sila ng tatlong araw sa Big Apple, sobrang nag-*enjoy* raw rito sina Liza at Enrique. Lalo na noong ang kanilang *fans* doon ay ipinagluto pa ng mga pagkain ang kanilang mga idolo.

Sa ngayon, marami na ang nag-aabang ng pelikulang *Alone/Together*, na tiyak na magpapakilig na naman sa mga *fans* ng tambalang LizQuen!

Jhane Santiaguel, mas magfo-focus sa business at showbiz career

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

SI Jhane Santiaguel ay dating *member* ng Mocha Girls na ngayon ay mas nalilinya bilang *model* at *product endorser*. Pero nasa puso pa rin niya ang *showbiz*.

Bago naging miyembro ng sikat na grupo ni Mocha Uson, nagsimula si Jhane bilang *vocalist* ng Caramel Band na ang *manager* ay si Oliver Cristobal na kapatid naman ng *manager* ng Mocha Girls na si Byron. Pagkalipas ng isang taon ay nag-*audition* si Jhane sa Mocha Girls, kasabay si Mae Dela Cerna na dating miyembro ng EB Babe.

Dito'y pareho silang natanggap at naging second Batch ng Mocha Girls with Mocha Uson. Noong umpisa ay tatlo lang sila at may dalawang *back up dancers* na *guys*, pero kinalaunan ay naging babae na rin ito.

Kinikilala niya ang nagawa ni Mocha sa kanilang grupo.

Saad ni Jhane, "Si Ate Mocha *super smart* siya *and passionate* kapag may ginagawa siya. Lalo na noong bago pa lang kami, siya lahat ang nagtuturo sa amin kung paano maging *strong* sa ganitong *line of work*. Bale 2010 'yun, *then* nag-Singapore ako kaya nawala ako ng *two years*. *Year* 2013 ay bumalik ako ulit sa Mocha Girls, *then* nawala ako ulit December 2014 *after* ng World Tour namin."

Ipinahayag din ni Jhane na nami-*miss* niya ang mga dating kasamahan sa Mocha *group*. Pero minsan-minsan naman daw ay nagkikita sila. Nagplano silang mag-*reunion* noon, ngunit hindi ito natuloy. Marami kasi silang pinagkakaabalahan daw sa ngayon.

Idinagdag pa niyang *after* magpahinga sandali ay pinasok niya ang *modeling* at nag-*business* na rin. Ngayon ay may *travel agency* siya at *provincial distributor* ng isang *beauty product* na kanyang ine-*endorse* sa tulong ng CEO nilang si Ms. Glenda Victorio. Naging *calendar girl* din si Jhane ng iba't ibang produkto.

Nakalabas si Jhane sa ilang TV *shows* tulad ng *Juan Happy Love Story* sa GMA-7. Nakasali rin siya sa Music *video* ng Ex Batallion. Kung may mga *offer* na *movie project*, *game* rin daw siya, "Sisimulan pa lang po pag-usapan *next month* 'yung *project*, dahil naging *super busy* po ako sa mga *out of the country photoshoots* ko," ani Jhane.

Larawang kuha ni Wilson Fernandez

Pahabol pa niya, "*For now* po nagfo-*focus* ako sa *business and future business* ko *while* nagmo-*modeling and* nagso-*show*. Sa *acting career* naman po, *if* mayroong darating na *project*, why not?"

Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

"Magmeryenda ka muna, Janno."

Iniabot nito sa kanya ang baso nang kinanaw na *iced tea* at dalawang balot na Skyflakes.

"Malapit nang maluto'ng nilagang baka. Dito ka na maghapunan, ha?"

Nilingon niya si Zeny. Tumango ito.

"Sige ho, 'Nay."

Iniwan uli sila.

"Nakuha mo'ng kiliti ng nanay ko, ha?"

"Mabait kasi ako…"

Napaismid kunwari si Zeny, nagpataas ng kilay, saka nakibalita sa nangyari sa *parlor*. Ikinuwento niya ang ginupitan at tinina niyang inisis.

"Buti't napabilib mo si Madam…"

"Inienggamyo nga ako na maging ma-PR at ma-*sales talk*."

"S'yempre, pabor sa negosyo n'ya 'yon."

Nawili sa pakikipagkuwentuhan si Zeny, nalingat at inalis ang brasong nakapatong sa dibdib. Inagapan ni Janno, hinawakan ang kanang kamay ni Zeny at pirmi-pisil. Nagpista uli ang kanyang mata.

"Timitingnan mo na naman, e!" sabi ni Zeny. Ang kaliwang Dumukwang ito at kinurot siya sa hita. Saka umayos uli ng higa nang maririg ang paparating na yabag ni Aling Elsie.

braso naman ang ipinatong sa tapat ng dibdib.

"Wala namang ibang tao…"

"Maski na…!"

Sa halip na bitiwan, dinala ni Janno sa kanyang bibig ang kamang kamay ni Zeny at hinagkan. Inaasahan niyang babawiin ni Zeny, hindi. Sa halip, sinimangutan siya.

"Sinasamantala mo 'ko, ha?"

"Pagkakataon ko nang makalamang ke Sonny Boy," nagpapatawang sabi niya.

Biratak ni Zeny ang kamay at kinurot siya nang mariin sa braso.

"Pinagtitripan n'yo 'kong dalawa…!"

Pinigil ni Janno na mapalakas ang kanyang halakhak.

Ilang saglit pa, binalikan sila ni Aling Elsie.

"Nakahain na. Kumain na tayo."

"Sige na, Janno," sabi ni Zeny, "susunod na 'ko."

Binayaan ni Janno na maunang manaog si Aling Elsie, saka siya tumayo. Ayaw niyang mapansin ng ina ni Zeny ang pamumukol sa kanyang harapan.

Nilagang baka nga ang ulam, nakalagay sa isang malaking mangkok; nakasandok na rin ng kanin. Hinintay nila si Zeny. Nangangapit ito sa gilid ng hagdan nang manaog. At natanto ni Janno kung bakit ito nagpahuli.

Wala na siyang libreng panoorin. Naka-bra na si Zeny.

(ITUTULOY)

Awit Ng Lupa

Taglagas na naman ng mga katawang hangin sa pasigan
Sa mapulang buhangin, nariyan na naman kayong maninila
Ihanda na ang matimyas na perlas ninyong kalamnan
Kayong mga nakatali sa bakawan, humiyaw kayo bilang
Basag na salamin, lumagaslas kayo bilang lantang dahon
Kayong manunugtog ni Mahler, ikumpas na ang baton
Ang pananambitan ng nagkikiskisan ninyong mga daliri
Magiging simponiyang utal, mga notang pula—
Dinig sa talampas ang lagatok ng kasukasuan ng Pebrero
Inuuod na ang inyong laway at bulok na ang inyong balat!
Ihanda sa pagdatal nitong takipsilim ang inyong mga labi
Oo, kandungan ng mamasa-masang langit
Kumalembang na ang kampanang putik
Dito, dito sa guraan ng kambal na bundok
Humayo kayo, aking mga anak ng kasalanan
Magniningas na ang apoy na labi ng mga babaylan
Kayo, kayong nabubuhay at namamatay sa halik
Hukayin ninyo mamayang gabi ang sariling puntod
Sa kawalang-hiyaan ng mga gutom ninyong kaselanan
Pakiusap: higpitan ninyo ang mga sintas na ulan
Kalabitin ang namimintog na ugat na kawad
Ang halik ng mga alitaptap sa pader
Tutungkab sa mga baradong manhole
Kabebeng hinihimas ng mga manginginhas ang gabi
Mga alon kayong basag sa puson ng dalampasigan.
Maglayag kayo bilang maliliit na bangka sa ulap
At sa umaga, hihintayin ko kayo bilang mga anak ng dilim.

- RICHEL G. DOROTAN